

# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

## Dakilain ang rebolusyonaryong buhay nina Kasamang Armando Teng at Lucio de Guzman

Sa okasyon ng ika-17 anibersaryo pagkamatay ni Armando “Ka Cleto” Teng at ika-30 taon ng pagpaslang kay Lucio “Ka Cito” de Guzman, inilalathala ng Kalatas ang Ispesyal na Isyu upang bigyang-pugay ang mga dakilang ambag nina Ka Aryong at Ka Cito sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Marapat lamang na dakilain ang kanilang naging buhay at magsilbing inspirasyon sa lahat ng rebolusyonaryo at mamamayang nakikibaka para sa tunay na demokrasya at kalayaan. 📄

### Kasamang Cleto: Dakilang Martir ng Rebolusyong Pilipino Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan Nobyembre 11, 2000

Ang buong rebolusyonaryong kilusan ay labis na nagdadalamhati at nakikiramay sa kanyang pamilya sa maagang pagpanaw ni Kasamang Cleto. Higit sa lahat, ang buong organisasyon ng Partido, Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa buong Timog Katagalugan ay luksang-luksa sa pagpanaw ng isang matapat, mahusay at dakilang proletaryong lider.


Sa mahigit tatlong dekada ng kanyang buong panahong paglilingkod sa bayan, mula 1970’s hanggang sa kasalukuyan, mahigit kalahati ng mga taong ito ay ginugol niya sa kumprehensibong pamumuno sa Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan at lahat ng bahagi nito.

Namuno si Kasamang Cleto sa KR ng Hangganang Quezon-Bikol noong 1980’s at noong binuwag ang rehiyong ito, naging kalihim siya ng KR ng Timog Katagalugan. Matapos ang Ikalawang Kumperensiya ng Partido sa Timog Katagalugan noong 1986, nalipat siya sa gawain sa Pambansang Kagawaran

sa Edukasyon. Muli ibinalik sa KRTK noong 1989 matapos maganap sa rehiyon ang kahibangan noong 1988. Pinangunahan niya ang muling pagbangon ng

rehiyon hanggang sa muling pagsulong nito sa mga susunod na taon at sa pag-iisa at pagtataguyod ng buong rehiyon sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong 1993. Noong 1997, matagumpay na idinaos ang Ikatlong Kumperensiya ng Partido sa rehiyong TK at dito’y muli siyang nahalal bilang kalihim ng Komiteng rehiyon. Isang nararapat na posisyon para sa isang kumprehensibong kadre, teoretisyan, guro, organisador at ahitador.

Walang sapat na salita upang ilarawan ang mga katangian ni Ka Cleto. Ang kanyang katatagan, kahusayan, tiyaga, disiplina ang nagtiyak na maipatupad ang tamang linya ng ating Partido kaakibat ng pagtiyak sa paglubog sa masang kasapiaan. Walang malalaking problema at tungkulin para sa kanya basta’t



pinagtutulungan at nasa tamang linya.

Hindi kailanman malilimutan si Ka Cleto. Mananatili siyang buhay sa ating alaala, habang nagsisilbing inspirasyon at huwaran para sa atin. Isang huwang lider at mapagmahal na asawa at ama.

Iniwang niya ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na nasa isang napakalakas na pusisyon - konsolidado sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at pinanday ng mahabang taon ng pakikibaka-panahon ng paghina at pagkakamali at panahon ng pagbawi at pagsulong.

Subalit ang pinakamahasag na paraan para dakilain siya at ang iba pang martir ng rebolusyon ay ang pagpapatuloy ng rebolusyon hanggang makamit ang tagumpay.

Ibaling ang ating pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan at panghawakan at itaguyod ang rebolusyonaryong adhikain. Matatag tayong sumulong sa landas na pinapula ng dugo ng mga martir ng rebolusyon.

**Mabuhay ang diwa ni Ka Cleto at mga dakilang martir ng rebolusyon!**

**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**

# **KALATAS**

**NOBYEMBRE 7, 2017**  
**Ispesyal na Isyu**

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo**. Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)** at ng **Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan**.

Inaanyayahan ng Pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahing, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

kalatastk@gmail.com o balikwastk.wordpress.com

## **Armando Enriquez Teng**

**1951-2000**

Isa sa pinakamatibay na haligi ng Ikalawang Dakilang Pagwawasto ng Partido Komunista ng Pilipinas si Ka Aryong. Kilala din siya bilang Ka Noli, o Ka Simeon o Ka Cleto sa kaniyang tatlung taong paglilingkod sa sambayanang Pilipino.

Ipinanganak si Armando (Anding sa kanyang pamilya) noong 10 ng Hunyo 1951 kina Benito Teng at Victorina Enriquez. Tubong Tanza, Cavite ang pamilya ni Enriquez; Tsino naman ang mga Teng. Isang mahusay na mag-aaral sa elementarya at hayskul sa Tanza si Armando.

Nagkolehiyo siya noong 1968-70 sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa Diliman, Lungsod Quezon. Doon ay kasama siya ng aktibista ng Kabataang Makabayan (KM). Isa siya sa mga kabataang estudyante na napanday sa kilala ng ngayong First Quarter Storm noong 1970; at nagpabarikada sa UP sa tinatawag na Diliman Commune. Noong 1970 tumigil siya sa pag-aaral at nagpultay bilang organisador sa komunidad ng maralitang lungsod. Dito ay nakilala siya ni Ada, nagkaibigan at nag-asawa sila noong Disyembre 1972. Ang mag-asawa ay nagtatag ng isang tunay at huwang rebolusyonaryong pamilya, na ngayon ay bumibilang na ng apat na apo.


Disyembre 1974, tumayong kalihim ng Komiteng Tagapagpaganap ng Party Committee ng Maynila-Rizal si Ka Aryong noong nahuli siya ng kaaway. Isa siya sa pinakamatindi ang dinanas sa pagpapahirap at tortyur sa mga naging bilanggong pulitikal ng diktadurang US-Marcos. Ngunit tulad ng iba pang mga kasamang bilanggong pulitikal, buong tapang nila itong isiniwalat, habang nakabilanggo pa, sa 1975 Amnesty International (AI) Report. Halos dalawang taon siya sa iba't ibang kampong detensyon. Tumakas siya sa bilangguan noong Setyembre 1976 at kagyat na sumanib sa rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan ng Timog Luzon.

Noong huling taon ng mga dekada otsenta, pinamunuan niya ang Pambansang Kagawaran ng Edukasyon (PAKED) ng Partido. Ngunit pinakamatagal siyang naglingkod sa Timog Katagalugan bilang isang matapang at huwang proletaryong rebolusyonaryo. Mahusay niyang pinamunuan ang Komiteng Rehiyon

sa maraming taon-napakalaki ng kanyang ambag sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Sa pamumuno niya at ng Komiteng Rehiyon, inilunsad sa TK ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong katapusan ng 1992 at matagumpay itong isinulong. Nabigo ang pagtatangka ng mga kontra-rebolusyonaryong anti-Partido na maghasik ng pangwawasak sa rehiyon. Kaalinsabay nito binigo ang pagtatangka ng kaaway na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan sa pamamagitan ng Oplan Lambat Bitag I, II at III at patuloy na binibigo ang Oplan Makabayan ng Rehimeng US-Estrada.

Mahigit na dalawampung taon na tiniis ni Ka Aryong ng kanyang malubhang karamdaman sa bato. Kahit na sumusumpong ang kanyang sakit at namamanas ang kanyang mga binti at paa, disiplinang bakal ang kanyang pinanghawakan habang sinikap niyang ikontrol ang karamdaman para tuloy-tuloy na magampanan ang rebolusyonaryong gawain. Namatay siya sa toxemia (lason na dumaloy sa buong katawan) noong alas nuwebe ng gabi ika-7 ng Nobyembre 2000, sa bahay ng masa sa kandungan ng mga kasama.

Isinabuhay niya ang alituntuning “simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka”. Kung gaanong kahigpit siya sa mga kasama sa pagpapatupad nito-dobleng higpit sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya. Lubos ang kanyang pagsalig sa linyang masa. Parati niyang inulit-ulit sa mga kasama na mahalina ang taumbayan at pakinggang mabuti ang tinig ng masa; makiisa sa masa saanman mapunta at makisalamuha sa kanila. Sa huling sandali ng buhay ibinilin niya sa mga kasama -“Huwag na huwag ninyong iiwanan ang kilusan. Ituloy ninyo ang nasimulan”.



## Sa alaala ni Kasamang Lucio Istanislao de Guzman

*Pahayag ni Jaime “Ka Diego” Padilla sa okasyon ng ika-30 anibersaryo ng pagkamatay ni Ka Lucio de Guzman*

I naaalala at pinagpupugayan ng buong rebolusyonaryong hanay ang kabayanihan ni Lucio Istanislao de Guzman o Ka Cito sa mga kasama at masang nakapiling niya bilang rebolusyonaryong mandirigma at kadre sa lungsod at kanayunan.

Si Ka Cito ay dating seminarista mula sa uring petiburges, taga Quezon City, may asawa at isang anak na babae. Mula sa pagkilos sa hanay ng kabataan-estudyante sa panahon ng Sigwa ng Unang Kwarto ay nagpasya siyang lumahok sa armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pagtungo sa kanayunan at pagsampa sa Bagong Hukbong Bayan.

Iniwang niya ang maalwang buhay sa lungsod, ang seminaryo at pagpapari, at piniling maglingkod sa masang anakpawis. Minahal niya nang higit ang sambayanang Pilipino na labis na pinahirapan at pinagsasamantalahan sa ilalim ng mapanupil at malupit na diktadurang US-Marcos.

Si Ka Cito ay isa sa libu-libong sumampa sa BHB na itinulak ng busabos na kalagayan ng mamamayang Pilipino na humawak na sandata at ipagtanggol ang masang inaapi. Nadestino siya sa Bikol at dito gumampan ng mga rebolusyonaryong gawain bilang Pulang mandirigma, propagandista- edukador at organisador ng masa.

Noong 1982, inilipat siya sa Mindoro at tumayong kalihim ng Komite sa Isla (KI) hanggang sa kanyang pagkakapaslang. Kabilang siya sa mga naglatag ng pundasyon ng rebolusyonaryong kilusan sa Occidental Mindoro. Iniambag niya ang kanyang kakayahan sa pag-oorganisa sa kanayunan at mga sentrong bayan ng isla na natutunan

niya sa kanyang mayamang karanasan sa Bikol.

Habang papasok sa sonang gerilya mula sa ilang pag-aayos sa sentrong bayan, hinarang at hinuli siya at ang kanyang mga kasama noong Nobyembre 4, 1987 sa Bgy. Paclolo, Magsaysay, Occidental Mindoro.

***“Pangangalagaan  
ko ang dangal at  
prestihiyo ng Partido  
at lahat ng kasama ko  
buhay ko ma’y ialay  
kung kinakailangan...”***



Nakaranas si Ka Cito at ang kanyang mga kasama ng tortyur at labis na pagpapahirap sa Provincial Headquarters ng Philippine Constabulary sa San Jose, Occidental Mindoro. Sa kabila nito, nanatiling buo at matibay ang kanyang paninindigang pangalagaan ang dangal at prestihiyo ng Partido sa harap ng matinding pagpapahirap ng kaaway. Walang kahit na anumang impormasyong nakuha mula sa kanya. Bunsod nito, pinaslang siya noong Nobyembre 7, 1987 at pinalabas bilang isang engkwentro sa Brgy. Alitaytayan, San Jose, Occidental Mindoro. Kasama niyang napaslang sa kamay ng berdugong kaaway sina Roger Pesales at Hernani Jacinto, mga aktibong lider magsasaka mula sa Brgy. Bubog, San Jose, Occidental Mindoro.

Ipinamalas ni Ka Cito ang pambihirang husay bilang isang rebolusyonaryo. Malaki ang kanyang naging papel sa pagpupundar ng lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Timog Luzon, partikular sa isla ng Mindoro. Bilang pagdakila sa kanya, ipinangalan sa kanya ang command ng BHB sa isla ng Mindoro.

Isang huwaran ang buhay at pakikibaka ni Ka Cito. Ang ginawa niyang kabayanihan sa harap ng kalupitan ng kaaway ay palaging maaalala ng mga kasama at ng malawak na masang kanyang pinaglingkuran. Gawin nating halimbawa si Ka Cito para ibayong pataasin ang ating paninindigang sumulong tungo sa pagtatagumpay ng rebolusyon. 📌

## *Para sa Iyo, Ka Aryong*

*Ano nga ba ang inspirasyon sa iyo ay nagtanggap  
Upang ang iyong buhay sa rebolusyon ay ialay  
Upang iyong baybayin ang daan ng digmang bayan  
Kahit ito'y puno ng panganib, pagsubok at kahirapan.*

*Bakit nga ba sumuong ka sa masalimuot na tagisan ng ideya  
Sa pang-araw na paghubog sa sarili, sa tunggalian ng mali at  
tama  
Bakit sa harap ng malubhang karamdaman at panghihina ng  
katawan*

*Patuloy ang iyong pag-aaral, pagkilos at pakikibaka*

*Bakit kahit ang mga katagang manutawi sa iyong mga bibbig  
Sa mga huling sandali mo sa ating daigdig  
Ay mga patak ng kristal na tubig na sa ating kilusan ay didilig.*

*“Huwag na huwag ninyong iwanan ang kilusan  
Magtuloy-tuloy kayo. Isulong ang kilusan”  
Ito ang mga huling wika mo.*

*Ka Aryong aming mahal na Kasama  
Ngayon sa iyong paghimlay ay umasa ka  
Ang kasagutan sa kung ano at bakit  
Ang inspirasyong sa iyo ay tumanggap  
Ay aming isasapuso, isasaisip at panghahawakan*

*Dahil wala na ngang mas dakilang inspirasyon  
Wala na ngang mas mahalagang yaman  
Wala na ngang mas dapat pag-alayan  
Kaysa masang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan.*

Ruth

08 November 2000